# Ang Pagtanan

*Joseph C. Eco, EdD*

Dahan-dahan, sa may bintana, patalon ang isang dalaga,
Hindi iniinda ang kamisetang suot, ang baro't saya.
Baka mabutas sa paglundag, sa pagbagsak ng mga paa,
Ang pagkapilay ay 'di iniisip, sa pagtalon, magpapatuloy siya.

Unti-unti, kumakaluskos ang mga yapak ng irog,
Sa may tarangkahan, sumisilip, nagaabang, umiinog.
Habang ang buwan ay tirik at bilog na bilog,
Ay ang pagtulo ng pawis sa 'di makagising ng pagtulog.

Hinay-hinay, dumadapo ang mga alitaptap sa hangin
Na siyang itinataboy ng dalaga sa kanyang pagbaba,
At ang bintana'y iiwang nakabukas, kumot ay nakalambitin,
At ang bagaheng dala'y ihahatid sa nag-aabang na binata.

Hapong hapo, ang dalaga'y pagbubuksan ang tarangkahan,
At siyang yayakap sa lapastangang nag-aabang,
Hahalik sa pisngi at hahawak sa mga nanginginig na kamay,
Lilingon siyang saglit sa iiwang bahay.

'Di mag-aatubili, pagkalingo'y kakaripas ng takbo ang magkasintahan,
sa pagtakbo'y walang kapaguran, hanggang sa makalayo
makatakas at makapag-isa sa ilalim na nangangalit na kalangitan,
na mistulang tutol sa paraang pinag-isipa't binuo.